



Bakit ang isang Estratehiya na Nakatuon sa Pag-iwas sa Karahasan at Terorismo ay Nakakatulong sa Iyong Estado

Isang Pamamaraan na Nakatuon sa Pag-iwas

Ang estratehiya na Nakatuon sa Pag-iwas sa Karahasan at Terorismo (TVTP) na nasa antas ng estado ay isang epektibong paraan upang magbigay ng pangmatagalan na patnubay, pamamahala, at istraktura upang maiangkop ang mga mapagkukunan ng iyong estado sa kapaligiran na natatangi at nagbabago-bago na banta. Ito rin ay isang mahalagang paraan upang ipahiwatig sa publiko na ang pag-iwas ay posible. Ang pangako, kooperasyon, at pamumuno mula sa maraming sektor – kabilang ang pampublikong kalusugan, edukasyon, hustisya, pagpapatupad ng batas, pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyong panlipunan, at pamahalaan – ay nag-aalok ng matagumpay na pagpapatupad at pangmatagalang epekto.

Ang estratehiya ng TVTP ng estado ay naglalayong mabawasan ang mga kadahilanan ng panganib bago makagawa ang mga indibiduwal ng mga marahas na pagkilos at pinatitibay ang mga kadahilanan ng proteksyon upang mabawasan ang posibilidad ng masamang resulta. Ang pamamaraan na ito ay nagbibigay diin sa pangkalahatang kalusugan, kaligtasan, at kagalingan ng buong populasyon. Dahil dito, ang nakatuon na pag-iwas sa karahasan at terorismo ay higit pa sa isang usapin ng pagpapatupad ng batas. Ang TVTP ay binibigyang-kaalaman ng deka-dekadang pananaliksik at pagsasanay sa pag-iwas sa karahasan – kolektibong pagkilos ng mga nagsasanay sa kalusugan ng pag-uugali (kalusugan ng kaisipan at maling paggamit ng sangkap), pampublikong kalusugan, at mga pagpapatupad ng batas – at kabilang ang mga programa na sumusuporta sa mga indibiduwal, kaibigan, pamilya, komunidad, at lipunan.

Plano ng CP3 para sa Pagpapadali ng Pag-unlad ng Estratehiya: "Isang Paraan"


Naka-ugat sa mga lokal na pangangailangan, panganib, hamon, at konteksto sa kultura, ang CP3 ay nakapagtala ng mga mahalagang gawain upang tulungan ang mga estado sa pagtukoy ng mga prayoridad kasama ang naaangkop na mga tungkulin at responsibilidad para sa mga stakeholder. Ang isang komprehensibong balangkas para sa pagpapaunlad ng estratehiya ay dapat na magbalangkas ng:

- Pagtatasa ng panganib at paglalaan ng mapagkukunan
- Mga balangkas ng pakikipagtulungan
- Mga item sa pagkilos ng estado at CP3
- Isang detalyadong, yugto-yugtong pamamaraan para sa mga kasunod na aktibidad
- Mga mekanismo ng pagsukat at pagsusuri

Ang plano na ito ay nakabalangkas upang magbigay sa mga estado ng patnubay at suporta upang bagtasin ang mga pagka-kumplikado ng pagbabalangkas ng isang matatag na estratehiya sa TVTP.

Mga Bahagi ng Pagtuon na Tinutugunan sa pamamagitan ng mga Istratehiya ng TVTP ng Estado

Ang mga estado ay may mahalagang tungkulin sa pagsuporta, pagsukat at pagpapalaganap ng mga kanais-nais na interbensyon sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga mapagkukunan, pagyamanin ang mga relasyon sa pamamagitan ng mga lokal at pambansang programa, pati na rin ang pagbibigay ng pagsasanay at teknikal na tulong kung kinakailangan. Ang isang estratehiya ng TVTP ng estado ay nagtataguyod ng pagsasama ng mga stakeholder mula sa iba't ibang larangan sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga tungkulin at responsibilidad habang hinihikayat ang kolektibong pagkilos.



Pakikipagtulungan sa CP3

Paano Sinusuportahan ng CP3 ang Pagpapaunlad ng Estratehiya ng TVTP

- Pakikipag-usap sa pamumuno ng estado
- Pagsasagawa ng mga workshop sa estratehiya ng TVTP ng estado
- Pagtukoy sa mga deliverables
- Pagbuo ng mga estratehiya ng estado

- Bisitahin ang [Mapagkukunan ng Estratehiya na Nakatuon sa Pag-iwas sa Karahasan sa Estado ng CP3](#) sa www.dhs.gov/publication/state-tvtp-strategy-development-cp3-prevention-resource.
- I-access ang isang komprehensibong koleksyon ng mga mapagkukunan ng pag-iwas sa karahasan sa website ng [Prevention Resource Finder www.dhs.gov/prevention](http://www.dhs.gov/prevention).
- Alamin ang tungkol sa [Grant na Programa sa Nakatuon sa Pag-iwas sa Karahasan at Terorismo \(TVTP\)](#), kabilang ang taunang Abiso ng Pagkakataon sa Pagpopondo sa www.dhs.gov/tvtpgrants.
- Upang matuklasan ang mga inisyatibo ng CP3, lumahok sa aming mga programa, kumonekta sa amin, o para sa mga pangkalahatang katanungan, mangyaring bisitahin ang aming [Makipag-ugnay sa Amin](#) na pahina o i-scan ang mga QR code sa ibaba.



Tungkol sa Sentro para sa mga Programa ng Pag-iwas at Pakikipagtulungan



Ang Mapagkukunan ng Estratehiya sa TVTP ng Estado



Magsign-Up para sa aming Newsletter Ngayon
Piliin ang "Center for Prevention Programs and Partnerships"



Kontakin ang Iyong Lokal na Koordinator ng Panrehiyon na Pag-iwas

